# Kapag nagtipon si Allāh sa mga una at mga huli sa Araw ng Pagbangon, may iaangat para sa bawat traidor na isang watawat saka sasabihin: Ito ay katraiduran ni Polano na anak ni Polano."}

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag nagtipon si Allāh sa mga una at mga huli sa Araw ng Pagbangon, may iaangat para sa bawat traidor na isang watawat saka sasabihin: Ito ay katraiduran ni Polano na anak ni Polano."}
[صحيح] [متفق عليه]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakataas Siya), kapag nagtipon Siya sa Araw ng Pagbangon, sa mga una at mga huli alang-alang sa pagtutuos, magtitirik para sa bawat taksil na hindi tumupad sa isang kasunduang inobliga sa kanya kay Allāh o sa mga tao ng isang palatandaang magbubunyag sa pamamagitan nito ng kataksilan niya at ipananawagan sa kanya sa araw na iyon: "Ito ay kataksilan ni Polano na anak ni Polano," para sa paglalantad ng kasagwaan ng kagagawan niya, sa mga tao sa Tindigan (Maḥshar).



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee